Kumperensiya sa Wika at Panitikang Waray ng KWF, mangyayari na sa 26-28 Pebrero 2014

Itatampok ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Leyte Normal University (LNU) ang wika at panitikang Waray sa *Pinulungan Ngan Panurat: Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Waray* sa 26-28 Pebrero 2015 sa LNU Gymnasium, Leyte Normal University, Lungsod Tacloban, Leyte.

Hinahangad rin ng kumperensiya na magkaroon ng mga talakayan sa mga isyu at pagbabago na kinahaharap ng wika at panitikang Waray na magsisilbing sandigan sa pagpapaunlad ng wika at panitikang Filipino.

Inaasahan ang pagdalo ng mga kitawan mulang Rehiyon VIII, mga punong guro, tagapag-ugnay, mga guro ng Panitikan ng Bisayas sa elemetarya at sekundarya, at mga gurong nagtuturo sa mga wikang Waray.

Magkakaroon ng mga sesyon sa sumusunod na paksa: 1.) *Panitikang Waray at ang Pagbubuo ng Panitikang Pambansa*; 2.) *Waray Drama*; 3.) *Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikang Waray*; 4.) *Maglain-lain nga Waray: Waray Language Variants*; 5.) *Waray / Filipino: Estado ng Wikang Waray Vis-à-vis Filipino*; at 6.) *Mga Gamit-Panturo sa Wikang Waray sa Konteksto ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)*.

Kabalikat ng KWF at LNU sa *Pinungulan* ang pamahalaang panlalawigan ng Leyte, pamahalaang lungsod ng Tacloban Tambubo, at iba pang ahensiya ng pamahalaan.

Para sa mga katanungan hinggil sa kumperensiya, mangyaring

makipag-ugnayan kay Gng. Lourdes Z. Hinampas sa mga numerong (02) 736-2519 / 0928-348-5870 / 0932-634-8721, o kay Dr. Alvin Rom De Mesa sa numerong 0928-336-4862. Maaari ring magpadala ng email sa komisyonsawika@gmail.com, o bumisita sa kwf.gov.ph.